


The background of the entire page is a photograph of a vast wheat field. The wheat stalks are golden-brown and fill the foreground and middle ground. In the background, there are faint silhouettes of mountains under a bright, hazy sky with soft, wispy clouds. The overall color palette is warm, dominated by yellows, oranges, and soft blues.

Tinapay ng Buhay Mula sa Langit

Adrian Ebens
Carlos Hernandez

Tinapay ng Buhay Mula sa Langit

Carlos A. Hernández at Adrian Ebens

Inilimbag ng



maranathamedia.com

<https://maranathamedia-philippines.com/>

Hulyo, 2016

Inayos muli noong Kapistahan ng mga Tabernakulo, Oktubre 2017

Ang pagpapakain sa limang libo ay nagbibigay sa atin ng kahanga-hangang larawan kung paano tayo pinananatiling buhay ng buhay ni Kristo. Ang himalang ito ay naganap bago magsimula ang Paskuwa.

Juan 6:4, 5 At malapit na noon ang Paskuwa, isang kapistahan ng mga Hudio. Nang itiningin ni Hesus ang Kaniyang mga mata at nakita ang maraming tao na lumalapit sa Kanya, sinabi Niya kay Felipe, Saan tayo makakabili ng tinapay upang makakain ang mga ito?

Habang nalalapit na ang Kapistahan ng Tinapay na Walang Pampaalsa, inibig ba ni Hesus na tulungan ang Kaniyang bayan na muling matuklasan ang espirituwal na kahulugan ng tinapay sa kaayusang pangrelihiyon ng mga Hudio? Kumuha Siya ng limang tinapay at dalawang isda, at pinarami ang mga ito upang maging isang handaan para pakainin ang limanlibong lalaki, bukod pa sa mga babae at mga bata. Namangha ang mga tao nang makita nila ang mga himala at nagsimula silang hanapin si Hesus. Subalit sa kasamaang-palad, hindi espirituwal na tinapay ang kanilang hinahanap kundi ang pisikal na tinapay lamang.

Juan 6:26 Sumagot sa kanila si Hesus at sinabi, Tunay na tunay, sinasabi ko sa inyo, Hinahanap ninyo ako, hindi dahil nakita ninyo ang mga himala, kundi dahil kumain kayo ng tinapay at nabusog.

Ang sitwasyong ito ay naging pagkakataon para kay Hesus na turuan ang mga tao tungkol sa mayamang kahulugan ng tinapay at kung paanong ito ay tumutukoy sa Kanya bilang Siyang nagbibigay-buhay sa atin.

Juan 6:27 Huwag kayong magsikap para sa pagkain na nasisira, kundi para sa pagkain na tumatagal hanggang sa buhay na walang hanggan, na ibibigay sa inyo ng Anak ng Tao: sapagkat Siya ang pinagtibay ng Diyos na Ama.

Hinimok ni Hesus ang mga tao na tumingin nang higit pa sa paghahanap lamang ng pisikal na pagkain, kundi sa espirituwal na pagkain na nagbibigay ng buhay na walang hanggan. Ang espirituwal na pagkain na ito ay nagmumula lamang kay Kristo Hesus na ating Panginoon. Natural na tinanong

ng mga tao si Hesus kung paano nila mapagtrabahuhan ito. Ang Kaniyang sagot ay nakakagulat:

Juan 6:28-29 Nangyari na tinanong nila Siya, Ano ang dapat naming gawin upang magawa namin ang mga gawa ng Diyos? (29) Sumagot si Hesus at sinabi sa kanila, Ito ang gawa ng Diyos, maniwala kayo sa kanya na Siya ang Kaniyang sinugo.

Ang gawa na tinawag silang gawin ay ang maniwala lamang kay Kristo bilang Anak ng Diyos na Buhay, ang Mesiya na isinugo ng Diyos para sa kaligtasan. Ang simpleng pagtitiwala sa ipinangakong Mesiya ang magbibigay daan upang mapuspos sila ng Espiritu ni Hesus at mapalakas upang mahawakan nang matibay ang buhay na walang hanggan. Hindi natuwa ang mga tao sa sagot na ito. Nais nila ng malinaw na patunay sa pahayag na iyon kaya hinamon nila si Hesus:

Juan 6:30-31 Kaya sinabi nila sa kaniya, Anong tanda ang ipinapakita mo sa amin upang makita namin at maniwala sa iyo? Anong gawain ang ginagawa mo? (31) Kumain ng mana sa ilang ang aming mga ama; gaya ng nakasulat, Binigyan sila niya ng tinapay mula sa langit upang kainin.

Ang matamis at nagbibigay-buhay na Espiritu ni Hesus na kumikilos sa kaluluwa ay hindi nakikita. Ito ay pumapasok sa puso ng sinumang may pananampalataya sa Salita ng Diyos tungkol sa Mesiya. Humingi ng nakikitang tanda ang mga tao at tinukoy ang halimbawa ng manna na nagmula sa langit sa ilang. Muli, itinuro ni Hesus sa kanila ang espirituwal na katotohanan sa likod ng himala ng manna.

Juan 6:32-33 Nang magkagayo'y sinabi sa kanila ni Hesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hindi si Moises ang nagbigay sa inyo ng tinapay na mula sa langit; ngunit binibigyan kayo ng aking Ama ng tunay na tinapay mula sa langit. (33) Sapagka't ang tinapay ng Diyos ay siyang bumaba mula sa langit, at nagbibigay ng buhay sa sanglibutan.

Ipinapaliwanag ni Hesus ang malalim na katotohanan ng Banal na Huwaran. Ang hindi nakikitang tunay na tinapay na bumababa ay inihahayag sa

pamamagitan ng nakikitang manna. Kung naunawaan sana nila ang kahulugan ng simbolo, itinuro sana nito sila kay Kristo, at mapagtatanto nila na ang tanging dahilan kung bakit bumabagsak ang manna sa disyerto ay dahil ibinigay ni Kristo ang kapangyarihan ng Kaniyang buhay upang tustusan sila.

Tinuturuan tayong mabuti ni Hesus sa buong natitirang bahagi ng kabanata anim. Pansinin ninyong mabuti ang mga salitang ito:

Juan 6:48-51 Ako ang tinapay ng buhay. (49) Ang inyong mga magulang ay kumain ng mana sa ilang, at sila'y nangamatay. (50) Ito ang tinapay na bumaba mula sa langit, upang ang tao ay makakain niyaon, at hindi mamatay. (51) Ako ang tinapay na buhay na bumaba mula sa langit: kung ang sinoman ay kumain ng tinapay na ito, siya ay mabubuhay magpakailan man: at ang tinapay na aking ibinigay ay ang aking laman, na aking ibinigay para sa buhay ng sanglibutan.

Ang lahat ng buhay ay nagmumula kay Kristo, at ngayon ay inihahayag ni Hesus kung paano dumarating sa atin ang buhay na ito.

Juan 6:51 ...ang tinapay na aking ibinigay ay ang aking laman, na aking ibinigay para sa buhay ng sanglibutan.

Pinalalim pa ito ni Hesus sa kanyang paliwanag:

Juan 6:53-55 Nang magkagayo'y sinabi sa kanila ni Hesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Maliban na inyong kainin ang laman ng Anak ng tao, at inumin ang kaniyang dugo, ay wala kayong buhay sa inyo. (54) Ang kumakain ng aking laman, at umiinom ng aking dugo, ay may buhay na walang hanggan; at ibabangon ko siya sa huling araw. (55) Sapagka't ang aking laman ay tunay na pagkain, at ang aking dugo ay tunay na inumin.

Ang tanging paraan upang maibigay sa atin ni Kristo ang buhay na ito ay ang Kanyang pagdurusa at kamatayan. Subuking unawain ang kaugnayan ni Kristo sa Kanyang mga nilikha sa mga sumusunod na sipi:

Sinabi ng ating Panginoon, "Maliban kayong kumain ng laman ng Anak ng tao, at uminom ng Kanyang dugo, wala kayong buhay sa inyo... Sapagka't ang Aking laman ay tunay na pagkain, at ang Aking dugo ay tunay na inumin." Juan 6:53-55. **Totoo ito tungkol sa ating pisikal na kalikasan. Sa kamatayan ni Kristo, utang natin ang buhay natin dito sa lupa. Ang tinapay na ating kinakain ay binili ng Kanyang nabasag na katawan. Ang tubig na ating iniinom ay nabili ng Kanyang dugo na naipagpag. Walang sinuman, maging banal man o makasalanan, ang kumakain ng kanyang pang-araw-araw na pagkain nang hindi pinapakain ng katawan at dugo ni Kristo. Naka-ukit sa bawat tinapay ang krus ng Kalbaryo. Nakikita rin ito sa bawat bukal ng tubig.** Itinuro lahat ito ni Kristo nang itakda Niya ang mga sagisag ng Kanyang dakilang sakripisyo. Ang liwanag na nagmumula sa pagtitipon ng Banal na Hapunan sa itaas na silid ay nagpapabanal sa mga pinagkakaloob para sa ating pang-araw-araw na buhay. Ang hapag-kainan ng pamilya ay nagiging tulad ng hapag ng Panginoon, at bawat pagkain ay nagiging isang sakramento. Desire of Ages, 660.3.

"Hindi lamang Siya ang Tagapaglikha ng lahat, kundi Siya rin ang buhay ng lahat ng may buhay. Ang Kanyang buhay ang ating tinatanggap sa sikat ng araw, sa malinis at matamis na hangin, at sa pagkain na nagpapalakas at nagpapatibay sa ating katawan." Education, 198.

Ang buong buhay na pisikal ay nakasalalay sa walang hanggang buhay ni Kristo. Bawat piraso ng pagkain na ating kinakain ay dumarating sa atin dahil sa bili ng dugo ni Kristo. Ang kapangyarihan sa araw, ulan, at lupa na nagpapalusog sa mga binhi ng ating ani ay mula sa kapangyarihan ni Kristo sa pamamagitan ng Kanyang Krus. Ito ang nagtuturo sa atin ng isang napakahalagang katotohanan.

Ang pagkain na ating kinakain ay walang buhay sa sarili nito upang tayo ay buhayin. Sa halip, ang pagkain ay daan para maipasa sa atin ang kapangyarihan ni Kristo. Ang kapangyarihang ito ay dumadaloy sa pagkain dahil sa dakilang sakripisyo ni Kristo sa krus. Kaya kapag iniisip natin ang tinapay na kinakain natin, ang pisikal na tinapay ay hindi ang nagpapanatili sa

ating buhay. Ang tunay na tinapay mula sa langit, si Kristo, ang siyang nagbibigay ng buhay sa atin.

Sa lahat ng nilikha ay makikita ang tatak ng Diyos. Ang kalikasan ay nagpapatotoo tungkol sa Diyos. Ang isiping bukas at nakakaranas ng himala at hiwaga ng sanlibutan ay hindi maaaring hindi mapansin ang gawa ng walang hanggang kapangyarihan. Hindi sa sariling lakas ng lupa nagmumula ang mga biyaya nito, at taon-taon na umiikot sa paligid ng araw. Isang di-nakikitang kamay ang gumagabay sa mga planeta sa kanilang pag-ikot sa kalangitan. Isang misteryosong buhay ang bumabalot sa buong kalikasan—isang buhay na nagpapalakas sa hindi mabilang na mga daigdig sa buong kalawakan, na nananahan sa maliliit na insekto na lumulutang sa simoy ng hangin sa tag-init, na nagbibigay ng lakas sa paglipad ng langub at nagpapakain sa mga batang uwak na umiiyak, na nagpapabuka ng usbong at nagpapalago ng bulaklak hanggang maging bunga.

Ang kapangyarihang sumusuporta sa kalikasan ay gumagana rin sa tao. Ang mga dakilang batas na naggagabay sa mga bituin at pinakamaliit na yunit ng bagay ay siyang kumokontrol sa buhay ng tao. Ang mga batas na namamahala sa pagtibok ng puso, na nag-aayos ng daloy ng buhay sa katawan, ay mga batas ng makapangyarihang Talino na may kapangyarihan sa kaluluwa. Mula sa Kanya nagmumula ang lahat ng buhay. Tanging sa pagkakaisa sa Kanya matatagpuan ang tunay na gawain ng buhay. Education 99.

Para maging malinaw, si Kristo ay hindi ang tinapay; ni siya ay nasa tinapay. Ang tinapay ay daan lamang upang maipasa sa atin ang Kanyang buhay. Si Kristo ang pinagmulan, at ang tinapay ang daluyan. Magkaiba at hiwalay ang dalawa, ngunit ang isa ay natatanggap sa pamamagitan ng isa pa. Malinaw na ipinaliwanag ito ng Espiritu ng Propesiya tulad ng sumusunod:

Ang mga gawa ng Diyos sa kalikasan ay hindi nangangahulugang ang Diyos mismo ay nasa kalikasan. Ang mga bagay sa kalikasan ay nagpapahayag ng karakter ng Diyos; sa pamamagitan ng mga ito, mauunawaan natin ang Kanyang pag-ibig, kapangyarihan, at kaluwalhatian. Ngunit hindi natin dapat ituring ang kalikasan bilang ang Diyos. Ang sining at galing ng tao ay nakakagawa ng napakagagandang

bagay na kaaya-aya sa mata, at sa mga bagay na ito ay nakikita natin ang kaalaman at likhang-isip ng lumikha; ngunit ang bagay na ginawa ay hindi ang tao mismo. Hindi ang gawa, kundi ang manggagawa, ang karapat-dapat sa parangal. Kaya't bagaman ang kalikasan ay nagpapahayag ng kaisipan ng Diyos, hindi ang kalikasan kundi ang Diyos ng kalikasan ang dapat itaas at dakilain. Testimonies Volume 8, 263

Ang mga taong kinakausap ni Hesus ay nakita lamang ang pisikal na tinapay at hindi nila nakita ang kapangyarihan ni Kristo na ipinapasa sa pamamagitan ng tinapay. Sa pagkaalam nito, bawat pagkain ay magdudulot sa atin ng pusong puspos ng pag-ibig kay Kristo dahil sa Kanyang dakilang pag-ibig na ibinigay Niya sa atin ang Kanyang buhay sa pamamagitan ng mga pagkaing ating kinakain. Kung hindi natin kikilalanin ang katotohanang ito, ang pagkaing makamundo na ating kinakain ay hindi makapagbibigay sa atin ng buhay na walang hanggan. Ito ay malinaw na patunay na ang pagkain ay wala sa kanyang sarili ang kapangyarihang magbigay ng buhay. Ito ay maaaring maging daan lamang o sisidlan upang maipasa ang buhay.

Ang aral na ibinigay ni Hesus sa pagpapakain sa limang libo ay upang ihanda ang isipan ng mga Israelita habang sila'y nakikibahagi sa kapistahan ng tinapay na walang lebadura. Bawat piraso ng tinapay sa pamamalakad ng mga Hudyo ay itinakdang magturo ng mahalagang aral na ang buhay ay matatagpuan lamang kay Kristo.

Ang katotohanang ito ay nagbibigay ng mas malalim na kahulugan sa mga handog na pagkain at inumin na inihahandog sa araw-araw na mga hain, gayundin sa mga Sabbath, sa bagong buwan, at sa mga takdang kapistahan. Binibigyang-diin natin na bawat hininga ng tao at bawat pagkaing kinakain ay isang daan upang maipasa sa atin ang buhay ni Kristo. Ito ay ang kapangyarihan ni Kristo na tinatanggap sa pamamagitan ng mga elementong ito. Ganito na ang katayuan mula pa sa pagkatatag ng sanlibutan. Sa pamamagitan ng sistema ng paghahandog, naipapaliwanag at nauunawaan ang katotohanang ito.

Bilang 28:2 Iutos mo sa mga anak ni Israel, at sabihin mo sa kanila, Ang aking alay, at ang aking tinapay na pinakahandog sa akin na pinaraan sa apoy, na pinakamasarap na amoy sa akin, ay inyong ingatan na ihandog sa akin sa kanilang takdang panahon.

Ang tinapay na tinutukoy dito ay ang handog na karne na pinaghalong harina at langis at pagkatapos ay inihurnong sa altar ng hain kasama ng inihain na hayop. Napansin natin ngayon ang handog para sa pang-araw-araw na paghahain.

Mga Bilang 28:3-6 At iyong sasabihin sa kanila, Ito ang handog na pinaraan sa apoy na inyong ihahandog sa Panginoon; dalawang korderong lalake ng unang taon na walang dungis araw-araw, bilang palaging handog na susunugin. (4) Ang isang kordero ay iyong ihahandog sa umaga, at ang isang kordero ay iyong ihahandog sa hapon; (5) At ang ikasampung bahagi ng isang efa ng harina bilang handog na pagkain, na hinaluan ng ikaapat na bahagi ng isang hin ng pinukpok na langis. (6) Ito ay isang palagiang handog na sinusunog, na iniutos sa bundok ng Sinai bilang isang mabangong samyo, isang handog na sinusunog para sa PANGINOON.

Araw-araw tuwing umaga at gabi ay may iniaalay na isang kordero. Kasama ng korderong ito ay iniaalay din ang ikasampung bahagi ng isang efa ng harina at ang ikaapat na bahagi ng isang hin ng langis. Ayon sa ilang sanggunian, ang isang efa ay tinatayang may 35 litro¹ habang sinasabi naman ng iba na ito ay humigit-kumulang 22 litro.² Ang mga sukat ang pangunahing punto ng ating paliwanag kaya gagamitin natin ang 22 litrong sukat sa aklat na ito. Ang litro ay panukat ng dami o volume habang ang kilo ay panukat ng bigat o weight. Ang 1 litro ng harinang buo o wholemeal flour ay humigit-kumulang 0.65 kilo.

¹ <http://www.dictionary.com/browse/ephah> ;
<http://www.thefreedictionary.com/ephah>

² http://www.convert-me.com/en/convert/history_volume/bibephah.html
<http://bibleresources.americanbible.org/resource/weights-and-measures-in-ancient-israel>
<https://en.wikipedia.org/wiki/Ephah>

Ang isang hin ay tinatayang katumbas ng isang galon o 3.6 litro.³ Ang ikaapat na bahagi ng isang hin ay 0.9 litro. Kaya sa bawat araw-araw na handog, may inihahandog na humigit-kumulang 1.4 kilo ng harina na hinaluan ng humigit-kumulang 900 mililitro o isang kuwarta ng langis. Kung ilalagay natin ito sa isang talaan, ganito ang magiging ayos:

Handog	Mga Hayop	Kabuuang Harina para sa Handog	Kabuuang Langis para sa Handog
Araw-araw	2 Kordero – isa sa umaga at isa sa gabi Kabuuang = 2 kordero	1.4 kilo ng harina x 2 para sa umaga at gabi. Kabuuang = 2.8 kilo	0.9 litro x 2 para sa umaga at gabi. Kabuuang = 1.8 litro

Isang dakot ng harina at langis na pinaghalo ay sinunog sa dambana ng handog kasama ng ilang langis ng insenso, at ang natitirang harina at langis ay ibinigay sa mga saserdote.

Levitico 2:1-3 At pagka ang sinoman ay maghahandog ng handog na harina sa Panginoon, ang kaniyang handog ay mainam na harina; at bubuhusan niya ng langis, at lagyan ng kamangyan: (2) At kaniyang dadalhin sa mga saserdote na mga anak ni Aaron: at kukuha siya ng kaniyang dakot ng harina niyaon, at ng langis niyaon, pati ng buong kamangyan niyaon; at susunugin ng saserdote ang alaala niyaon sa ibabaw ng dambana, upang maging handog na pinaraan sa apoy, na pinakamasarap na amoy sa Panginoon: (3) At ang nalabi sa handog na harina ay mapapasa kay Aaron at sa kaniyang mga anak: bagay na kabanalbanalan sa mga handog sa Panginoon na pinaraan sa apoy.

³ <http://bibleresources.americanbible.org/resource/weights-and-measures-in-ancient-israel>

Levitico 10:12-14 At sinalita ni Moises kay Aaron, at kay Eleazar at kay Itamar, na kaniyang mga anak na natitira, Kunin ang handog na harina na nalabi sa mga handog sa Panginoon na pinaraan sa apoy, at kainin mo na walang lebadura sa tabi ng dambana: sapagka't ito'y kabanalbanalan: (13) At inyong kakanin sa dakong banal, sapagka't ito'y sa iyo, at sa iyong mga anak, sa mga hain sa Panginoon na pinaraan sa apoy: sapagka't gayon ang iniutos sa akin. (14) At ang inalog na dibdib at itinaas na balik at ay inyong kakainin sa isang malinis na dako; ikaw, at ang iyong mga anak na lalake, at ang iyong mga anak na babae na kasama mo: sapagka't sila ay sa iyo, at sa iyong mga anak na lalake, na ibinibigay mula sa mga hain ng mga handog tungkol sa kapayapaan ng mga anak ni Israel.

Ipinahayag ni Kristo ang Kanyang sarili bilang tinapay ng buhay sa Juan 6. Ang tinapay na walang pampaalsa na gawa sa harina at langis ay isang daan na nagtuturo sa buhay na matatagpuan kay Kristo. Paano bumaba ang tunay na tinapay mula sa langit? Dumating ito sa pamamagitan ng handog ng buhay ni Kristo para sa mundo. Paano ito nakilala sa araw-araw na paglilingkod? Ito ay sa pamamagitan ng paghahandog ng kordero. Kaya't ang paghahandog ng kordero ay isang pagkilala sa buhay ni Kristo na ibinigay upang matanggap ang Banal na Espiritu. Ang katotohanang ito ay inilarawan sa pagsasama ng harina at langis na naging tinapay na kinakain ng mga sasardote. Sila naman ay naging mga tagapamagitan ng biyaya para sa buong Israel. Sa panahon natin ngayon, ang lahat ng sumasampalataya kay Kristo ay bahagi ng maharlikang pagkasardote at maaaring makibahagi sa tinapay na nagbibigay-buhay.

1 Pedro 2:9 Datapuwa't kayo'y isang lahing pinili, isang maharlikang pagkasardote, isang banal na bansa, isang natatanging bayan; upang inyong ipahayag ang mga kapurihan niya na tumawag sa inyo mula sa kadiliman tungo sa kanyang kamangha-manghang liwanag:

Nagdadagdag ba ito ng bagong kahulugan sa panalangin ng Panginoon? Pansinin ang puntong ito:

Mateo 6:11 Bigyan mo kami ngayon ng aming pang-araw-araw na pagkain.

Tuwing umaga at gabi sa araw-araw na handog, ang tinapay na inihahandog ay sumasagisag sa tunay na tinapay na bumababa mula sa langit, at ang kakayahan ni Kristo na gawin ito ay sinasagisag sa kamatayan ng kordero araw-araw. Kapag tayo'y nananalangin ng “Ibigay Mo sa amin ngayon ang aming kakanin sa araw-araw,” iniisip ba natin ang tunay na tinapay ng Diyos na bumaba mula sa langit, o simpleng tinapay lamang na pisikal?

Ang kakayahan ng mga Israelita na mabuhay, huminga, kumain, at uminom ay dahil lamang sa tunay na tinapay na bumaba mula sa langit. Isang kapansin-pansing bagay ang dapat pagtuunan ng pansin kung ano ang nangyayari sa mga handog tuwing Araw ng Sabbath.

Mga Bilang 28:9-10 At sa araw ng sabbath ay dalawang korderong lalake ng unang taon na walang dungis, at dalawang ikasangpung bahagi ng harina na pinakahandog na harina, na hinaluan ng langis, at ang inuming handog niyaon: (10) Ito ang handog na susunugin sa bawa't sabbath, bukod pa sa palaging handog na susunugin, at sa kaniyang inuming handog.

Sa Araw ng Sabbath, dinoble ang mga handog na susunugin at mga handog na pagkaing butil:

Handog	Mga Hayop	Kabuuang Harina	Kabuuang Langis
Araw-araw – isang kordero sa umaga at isa sa gabi.	2 Kordero Kabuuang =2 kordero	1.4 kilo ng harina x 2 Kabuuang = 2.8 kilo	0.9 litro x 2 Total = 1.8 litro
Sabbath	2 Kordero dagdag sa 2 korderong iniaalay araw-araw. Kabuuang = 4 Kordero	2.8 kilo dagdag sa 2.8 kilo mula sa araw-araw na handog. Kabuuang = 5.6 kilo	1.8 litro dagdag sa 1.8 litro mula sa araw-araw na handog. Kabuuang = 3.6 litro

Ang mahalagang tanong na kailangang itanong ay bakit nadodoble ang lahat tuwing Sabado? Muli, pinaaalalahanan tayo na bawat piraso ng tinapay at bawat patak ng langis ay isang daluyan para sa buhay ni Kristo na dumating sa atin. Ang literal at nakikitang laman at inumin ay nagpapahiwatig ng espirituwal na laman at inumin na nanggagaling mula sa langit patungo sa lupa sa pamamagitan ni Kristo. Ganito ito inilahad ni Pablo:

1 Corinto 10:1-4 Bukod dito, mga kapatid, hindi ko ibig na hindi ninyo maalaman, kung paanong ang lahat ng ating mga ninuno ay nasa ilalim ng ulap, at ang lahat ay nagsipagdaan sa dagat; (2) At lahat ay nabautismuhan kay Moises sa ulap at sa dagat; (3) At lahat ba ay kumain ng iisang espirituwal na karne; (4) At lahat ay uminom ng iisang inuming espirituwal: sapagka't uminom sila sa Bato na espirituwal na sumunod sa kanila: at ang Bato na yaon ay si Kristo.

Nang hampasin ni Moses ang bato at lumabas ang tubig, hindi lamang sila nakakakuha ng pisikal na tubig, nakikibahagi rin sila sa buhay ni Kristo. Ang tubig mismo ay hindi makapagpapanatili sa kanila ng buhay. Ang Espiritu ni Hesus ang nagpanatiling buhay sa kanila. Ito ang dahilan kung bakit lahat sila ay umiinom ng espirituwal na inumin na ito hindi lamang ang mga matuwid. Muli tayong pinaalalahanan:

Mateo 5:45 Upang kayo'y maging mga anak ng inyong Ama na nasa langit: sapagka't pinasisikat niya ang kaniyang araw sa masasama at sa mabubuti, at nagpapaulan sa mga matuwid at sa mga hindi matuwid.

Juan 1:9 Iyan ang tunay na Liwanag, na lumiliwanag sa bawat tao na pumaparito sa sanglibutan.

Ang buhay ni Kristo ay ibinibigay sa lahat ng tao sa pamamagitan ng mga daluyang Kaniyang itinakda. Ang mga taong hindi titingin lampas sa pisikal na pagkain at inumin ay sa huli ay mamamatay, sapagkat tumanggi silang kilalanin ang pinagmumulan ng buhay. Ito ang dahilan kung bakit sinabi ni Hesus sa mga taong Kaniyang kausap:

Juan 6:32-33 Nang magkagayo'y sinabi sa kanila ni Hesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hindi si Moises ang

nagbigay sa inyo ng tinapay na mula sa langit; ngunit binibigyan kayo ng aking Ama ng tunay na tinapay mula sa langit. (33) Sapagka't ang tinapay ng Diyos ay siyang bumaba mula sa langit, at nagbibigay ng buhay sa sanglibutan.

Ang manna na bumagsak sa ilang ay hindi nagmula kay Moises. Hindi rin ang manna mismo ang nagpapanatili sa kanila ng buhay. Ito ay ang buhay ni Kristo na dumadaloy sa pamamagitan ng manna ang tunay na nagpabuhay sa kanila. Ito ang tunay na tinapay na buhat sa langit. Ang buong Israel ay kumain at uminom mula sa espirituwal na pagkain at inumin, ngunit halos lahat sila ay namatay sa ilang sapagkat hindi sila lumagpas sa pagtingin sa pisikal na pagkain at tubig. Sa mga kaisipang ito, balikan natin ang tanong ukol sa dagdag na harina, langis, at mga hain tuwing Sabado.

Sinasabi sa atin ng Bibliya na itinalaga ng Diyos ang araw ng Sabado. Ginawa Niya itong banal. Malinaw na ipinaliwanag ito ni A.T. Jones nang kanyang sinabi:

Ngayon, isa pang bagay: Sino ang tunay na gumawa sa paglalang? [Tugon ng mga tao: "Si Kristo."] Sino ang nagpahinga? [Tugon: "Si Kristo."] Sino ang nabigyan ng kasiglahan? [Tugon: "Si Kristo."] Sino ang nagbasbas? [Tugon: "Si Kristo."] Kanino galing ang presensyang nagpakabanal sa araw? [Tugon: "Kay Kristo."] Kaninong presensya ang nasa araw na iyon? [Tugon: "Presensya ni Kristo."] Kung gayon, ang tao na hindi pinababanal ni Hesu-Kristo, na hindi ginagawang banal, na hindi binabasbasan, at hindi nadadala sa kapahingahan ng presensya Niya ay hindi maaaring makapangingilin ng Sabbath. **Hindi ba't malinaw, tanging sa pagkakaroon ni Kristo sa puso ng tao maaaring maingatan ang Sabbath; sapagkat ang Sabbath ay may dalang presensya ni Kristo.** A.T Jones, GCB 1893, Sermon 20.

Pansinin ngayon ang mahalagang puntong binigyang-diin ni A.T. Jones:

Noong panahong iyon, nang ang tao ay nasa halamanan ng Eden at nakatayo ayon sa pagkakalikha sa kanya ng Diyos, alam na ba niya ang lahat tungkol sa Diyos na maaari niyang malaman? [Kongregasyon: "Hindi."] **Kung gayon, sa pagdating ng bawat Araw ng Sabbath, ito ay magdadala sa kanya ng karagdagang kaalaman at presensya ng**

Diyos. Ngunit sino ito? [Kongregasyon: "Si Kristo."] Karagdagang kaalaman at presensya ni Kristo sa kanyang sarili. Kung nanatili sana siyang tapat, patuloy sana siyang lumago sa pagkakilala sa Diyos, sa kanyang sarili, sa kanyang sariling karanasan, na lumalago nang higit at higit pa sa lahat ng katangian ng likas na pagkatao ng Diyos. A.T Jones, GCB 1893, Sermon 20.

Kaya ang Sabbath ay nagdadala sa atin ng dagdag na bahagi ng presensya ni Kristo. Ito ba ang ipinapakita sa pagkakaiba ng mga handog sa araw-araw at sa mga handog tuwing Sabbath? Mayroong dobleng bahagi ng mga handog, harina at langis. Hindi ba't ang mas malaking dami ng handog ay nagpapahiwatig na may mas dakilang kaloob ng Espiritu na iniaalok sa atin sa araw na ito? Narito ang pangako ng Panginoon

Isaias 58:13-14 Kung iyong ihiwalay ang iyong paa sa sabbath, sa paggawa ng iyong kasiyahan sa aking banal na araw; at tawagin ang sabbath na kaluguran, ang banal ng Panginoon, marangal; at pararangalan siya, na hindi ginagawa ang iyong sariling mga lakad, ni nakasusumpo ng iyong sariling kasiyahan, ni nagsasalita ng iyong sariling mga salita: (14) Kung magkagayo'y ikalulugod mo ang iyong sarili sa Panginoon; at aking papasakayin ka sa mga mataataas na dako ng lupa, at pakakainin kita ng mana ni Jacob na iyong ama: sapagka't sinalita ng bibig ng Panginoon.

Dahil alam na may mga karagdagang pagpapala sa Sabbath at na ang pagpapalang ito ay higit pa sa Espiritu ni Kristo, itinuturo sa atin ng Sabbath na ang Diyos ay may mga pagkakataong naglalapit sa atin ng presensya ni Hesus kaysa sa ibang panahon. Ito ay pinatunayan ng talatang ito sa Isaias.

Isaias 48:18 O kung nakinig ka sana sa aking mga kautusan! kung magkagayo'y ang iyong kapayapaan ay naging parang ilog, at ang iyong katuwiran ay parang mga alon sa dagat:

Si Kristo ang ating katuwiran. Sinasabi ni Isaias na ang katuwirang ito ay gaya ng mga alon ng dagat. Ang mga alon ng dagat ay kumikilos sa anyo ng mga indibidwal na alon na umaakyat at bumababa sa baybayin. Sa loob din ng isang araw, karaniwan ay may dalawang mataas na tubig. At sa panahon ng

bagong buwan at kabilugan ng buwan, may tinatawag na “king tides” o pinakamataas na tubig. Ang lahat ng mga bagay na ito ay nagsasabi sa atin ng pag-agos at paghupa ng matuwid na Espiritu ni Kristo na dumarating sa mga anak ng tao.

Ang susi sa pag-unawa sa Sabbath ay ang pagkakaalam na may mga natatanging panahon na si Kristo ay lalo pang lumalapit sa atin. Ang katotohanang ito ay makikita sa pagkakaiba ng mga handog sa araw-araw at sa araw ng Sabbath. Kapag naunawaan na natin ang prinsipyong ito, tayo ay handa nang makita ang isang napakagandang katotohanan.

Levitico 26:2-4 Ipangingilin ninyo ang aking mga sabbath, at inyong igo ang aking santuario: ako ang Panginoon. (3) Kung kayo'y magsisilakad sa aking mga palatuntunan, at iingatan ang aking mga utos, at inyong gagawin; (4) Kung magkagayo'y bibigyan ko kayo ng ulan sa takdang panahon, at ang lupain ay magbubunga ng kaniyang bunga, at ang mga puno sa parang ay magbubunga ng kanilang bunga.

Ang pag-alaala sa Sabbath ay ang pag-alaala na ang Panginoon ay nagtakda ng mga natatanging panahon ng pagpapanariwa para sa Kanyang bayan. Ang paggalang sa Santuwaryo ay ang paggunita sa dakilang halaga na ibinayad ng ating Ama at ng ating Panginoong Hesus upang maibigay sa atin ang mga kaloob na ito. Kapag ating inaalala ang Sabbath at iginagalang ang Santuwaryo, ang ulan ay darating sa tamang panahon at ang lupain ay magiging masagana.

Inaalala natin na ang ulan at pagkain ay mga daluyan para maibigay sa atin ang buhay ni Kristo. Kapag mas marami ang mga biyayang ito, mas malinaw na ang buhay ni Kristo ay dumadaloy sa mga daluyang ito. Kapag buong puso nating ipinagpapasalamat ang mga kaloob na ito, handa tayong tumanggap ng mas marami pa. Kapag pinupuri natin ang Panginoon sa Sabbath para sa dobleng bahagi ng Kanyang Espiritu, ang ulan na ito ay hindi lamang babagsak sa paligid natin kundi direktang babagsak sa atin, at tayo ay lalago sa biyaya. Alam man nila o hindi, bawat tao sa mundo ay nakikinabang sa araw-araw na handog ni Kristo. Tulad ng napansin natin kanina, pinapabagsak ng Diyos ang

Kanyang ulan sa mga matuwid at sa mga hindi matuwid. Lahat ay tumatanggap ng pang-araw-araw na kaloob, ngunit tanging yaong tumutugon sa tawag ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang kautusan ang tatanggap ng dagdag na mga biyaya na matatagpuan sa Sabbath at iba pang mga tiyak na tagapag-ayos.

Ang kamangha-manghang bagay tungkol sa katotohanan ng Sabbath ay ang ilog na umaagos mula sa Santuwaryo ay lalo pang lumalalim habang ito'y patuloy na dumadaloy.

Ezekiel 47:1-4 Pagkatapos ay dinala niya akong muli sa pintuan ng bahay; at, narito, ang tubig ay lumalabas mula sa ilalim ng pintuan ng bahay sa dakong silanganan: sapagka't ang harapan ng bahay ay nakatayo sa dakong silanganan, at ang tubig ay bumaba mula sa ibaba mula sa kanang bahagi ng bahay, sa dakong timog ng dambana. (2) At dinala niya ako palabas sa daan patungo sa hilagang pintuan, at nilibot niya ako sa daan palabas sa panlabas na pintuan, sa daang nakaharap sa silangan; at, narito, may dumadaloy na tubig sa kanang bahagi. (3) At nang ang lalake na may pisi sa kaniyang kamay ay lumabas sa dakong silanganan, siya'y sumukat ng isang libong siko, at dinala niya ako sa tubig; ang tubig ay hanggang bukong-bukong. (4) Muli siyang sumukat ng isang libo, at itinawid niya ako sa tubig; ang tubig ay hanggang tuhod. Muli siyang sumukat ng isang libo, at dinaanan niya ako; ang tubig ay hanggang balakang.

Nakikita natin na habang ang tubig ay lumalabas mula sa templo, ito ay lalo pang lumalalim. Ang pahiwatig kung saan patungo ang ilog na ito upang lumalim ay matatagpuan sa nakaraang kabanata.

Ezekiel 46:3-8,11 Gayon din naman ang mga tao ng lupain ay sasamba sa pintuan ng pintuang ito sa harap ng Panginoon sa mga sabbath at sa mga bagong buwan. (4) At ang handog na susunugin na ihahandog ng prinsipe sa Panginoon sa araw ng sabbath ay anim na korderong walang kapintasan, at isang lalaking tupa na walang kapintasan. (5) At ang handog na harina ay isang efa para sa isang lalaking tupa, at ang handog na harina para sa mga kordero ayon sa kaya niyang ibigay, at isang hin ng langis sa isang efa. (6) At sa araw ng bagong buwan ay magiging isang guyang toro na walang kapintasan, at anim na kordero, at isang

lalaking tupa: sila'y walang kapintasan. (7) At siya'y maghahanda ng isang handog na harina, isang efa para sa isang toro, at isang efa para sa isang lalaking tupa, at para sa mga kordero ayon sa maabot ng kaniyang kamay, at isang hin ng langis sa isang efa. (8) At pagka ang prinsipeng ay papasok, siya'y papasok sa daan ng portiko ng pintuang-daan, at siya'y lalabas sa daan niyaon... At sa mga kapistahan at sa mga kapistahan, ang handog na harina ay isang efa sa isang toro, at isang efa sa isang lalaking tupa, at sa mga kordero ayon sa kaya niyang ibigay, at isang hin ng langis sa isang efa.

Ang dami ng mga handog ay dumarami habang ito ay sumusulong mula sa araw-araw na handog, patungo sa Sabbath, sa Bagong Buwan, at pagkatapos ay sa mga pista. Ang listahan ng mga handog sa Ezekiel 46 ay bahagyang naiiba sa mga nakasaad sa mga aklat ni Moises. Ilalatag natin dito ang pagkakasunod-sunod ayon kay Moises. Hindi ko isinama ang handog na inumin ngunit ito rin ay sumusunod sa parehong ayos.

Handog	Mga Hayop	Kabuuang Harina para sa Handog	Kabuuang Langis para sa Handog
Araw-araw. Mga Bilang 28:3-6 1 kordero sa umaga at 1 kordero sa gabi	2 Kordero Kabuan = 2 kordero	1.4 kilo ng harina x 2 Kabuan = 2.8 kilo	0.9 litro x 2 Kabuan = 1.8 litro
Sabbath. Mga Bilang 28:9,10	2 Kordero dagdag pa ang 2 kordero Kabuan = 4 kordero	2.8 kilo dagdag pa ang 2.8 kilo mula sa araw-araw na handog. Kabuan = 5.6 kilo	1.8 litro dagdag pa ang 1.8 litro Kabuan = 3.6 litro
Bagong Buwan. Mga Bilang 28:11-14	2 batang toro, 1 lalaking tupa 7 kordero bukod pa sa araw-araw na handog. 1 batang kambing	4.2x2 = 8.4 kilo 2.8x1 = 2.8 kilo (1.4x7)+(1.4x2) = 12.6 kilo Kabuan = 23.8	2.7x2 batang toro 1.8x1 lalaking tupa 0.9x7 kordero 0.9x2 araw-araw na kordero

	bilang handog para sa kasalanan	kilo	Kabuuan = 15.3 litro
Paskuwa. Exodo 12:21	Kordero ng Paskuwa	tinapay na walang pampaalsa	Mapait na halamang-gamot
Tinapay na walang pampaalsa sa loob ng pitong araw. Mga Bilang 28:17-25 7 x ng bagong buwan	14 na toro 7 tupa 49 kordero + 14 para sa araw-araw + 2 para sa Sabbath 7 kambing na batang lalaki	23.8 kilo x 7 araw + 2.8 kilo para sa Sabbath Kabuuan = 169.4 kilo (60.5 Beses ng Araw-araw)	15.3 litro x 7 + 1.8 litro para sa lingguhang Sabbath Kabuuan = 108.9 litro
Kapistahan ng mga Linggo	2 batang toro, 1 tupa at 7 kordero. Kasama ang araw-araw na handog na 2 kordero. 1 batang kambing para sa handog ng kasalanan	3/10 bahagi bawat toro 2/10 bahagi para sa tupa 1/10 bahagi bawat kordero Kalkulasyon = (4.2x2)+(2.8x1)+ (1.4x7)+(1.4x2) Kabuuan = 23.8 kilo	2.7x2 toro 1.8x1 tupa 0.9x7 kordero 0.9x2 araw-araw na kordero Kabuuan = 15.3 litro
Kapistahan ng mga Trumpeta. Mga Bilang 29:1-6 Nangyayari sa Bagong Buwan. Kaya ang handog ay kinabibilangan ng araw-araw na handog, dagdag ang handog sa Bagong	1+2 toro 1+1 tupa 7+7+2 kordero 2 batang kambing	4.2x3 = 12.6 kilo 2.8+2.8 = 5.6 kilo 16x1.4 = 22.4 kilo Total = 40.6 kilo	2.7x3 = 8.1 litro 1.8 x2 = 3.6 litro 0.9 x16=14.4 litro Total = 26.1 litro

Buwan, at ang handog para sa mga Trumpeta.			
Araw ng Paghingi ng Kapatawaran. Mga Bilang 29:7-11	1 toro 1 tupa 7 kordero + 2 para sa araw-araw 1 batang kambing	4.2 kilo 2.8 kilo 12.6 kilo Kabuuan = 19.6 kilo	$2.7 \times 1 = 2.7$ litro $1.8 \times 1 = 1.8$ litro $0.9 \times 7 + 0.9 \times 2 = 8.1$ litro Kabuuan = 12.6 litro
Pista ng mga Tabernakulo. Mga Bilang 29:12-40 Araw 1 = 13 toro, Araw 2 = 12 toro hanggang sa araw 7 = 7 toro. Bawat araw = 2 tupa at 14 kordero	70 toro 14 tupa 98 kordero + 14 araw-araw + 2 para sa Sabbath 7 mga batang kambing para sa handog na kasalanan.	294 kilo 39.2 kilo 159.6 kilo Kabuuan = 492.8 kilo	$2.7 \times 70 = 189$ litro $1.8 \times 14 = 25.2$ litro $0.9 \times 114 = 102.6$ litro Kabuuan = 316.8 litro

Para mabigyan tayo ng ideya kung paano lumalalim ang ilog habang dumadaloy mula sa araw-araw na mga handog ng Espiritu hanggang sa pista ng Tabernakulo, ibibigay namin ang sukat ng harina at langis. Hindi namin ililista lahat ng lingguhan at Bagong Buwan na mga handog, kundi ang pagkakaayos mula araw-araw hanggang sa huling pista ng kalendaryo.

Handog	Harina	Langis	Ezekiel 47:1-7 Ilog
Araw-araw	2.8 kilo	1.8 litro	Mga tubig na lumalabas mula sa Banal na Lugar
Sabbath	5.6 kilo	3.6 litro	Sa 1000 kubit umaabot ito hanggang sa mga bukung-bukong

Bagong Buwan	23.8 kilo	15.3 litro	Sa 2000 kubit umabot ito hanggang sa mga tuhod
Tinapay na walang pampaalsa	169.4 kilo (30 x Sab. handog)	108.9 litro	Sa 3000 kubit umabot ito hanggang sa baywang
Mga Kapistahan sa Ikapitong Buwan	553 kilo (~100x Sab. handog)	359.2 litro	Sa 4000 kubit lumampas ito sa ulo

Ang pinaka-kawili-wili tungkol sa ilog na ito ay kahit saan man ito dumaloy, nagdadala ito ng buhay at kagalingan.

Ezekiel 47:9 At mangyayari, na bawa't bagay na nabubuhay, na gumagalaw, saan man dumating ang mga ilog, ay mabubuhay: at magkakaroon ng napakaraming isda, sapagka't ang tubig na ito ay darating doon: sapagka't sila'y gagaling; at lahat ng bagay ay mabubuhay kung saan dumarating ang ilog.

Ipinapakita sa atin ng Sabbath ang prinsipyo ng pagtaas ng presensya ni Kristo. Kung magpapatuloy tayo sa ganitong ayos sa iba pang mga takdang panahon, makikita natin na ang tubig ay lalo pang lumalalim. Kung paanong ang Sabbath ay parang tubig na abot-sakong, ganoon din ang ginawa ng mga saserdote ng Israel na kailangang isawsaw muna ang kanilang mga paa sa tubig bago bumukas ang buong ilog para sa kanila, Josue 3:13. Kung niyayakap mo ang Sabbath sa pamamagitan ng pananampalataya, ang buong ilog ay mabubuksan para makatawid ka. Ang harina at langis na pinagsama ay bumubuo sa tinapay na buhat sa langit. Kapag nakita natin ang lampas sa pisikal na mga sangkap patungo sa tunay na Tinapay na matatagpuan kay Kristo, natuklasan natin ang paglalalim ng ilog na nagmumula sa trono ng Diyos.

Pansinin muli na nang bumalik si Ezekiel sa gilid ng ilog sa ika-apat na libong siko, may mga punongkahoy sa lahat ng dako.

Ezekiel 47:7 Ngayon, nang ako'y bumalik, narito, sa pampang ng ilog ay napakaraming puno sa isang tabi at sa kabilang dako.

Ang ilog ay nagbibigay ng saganang tubig upang ang mga puno ay ganap na tumubo at ang ilan ay magbubunga ng 30 ulit at ang iba ay 60 ulit at ang iba ay 100 ulit. (Marcos 4:20).

Narito ang lihim ng ilog ng buhay. Habang sinusunod natin ang mga panahon ng pagpasigla mula sa Panginoon; habang lumalakad tayo sa Kanyang kautusan at inaalala ang Kanyang mga palatuntunan at mga kahatulan, binubuksan natin ang ating mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya upang maging tulad ng mga punongkahoy na itinanim sa tabi ng ilog ng tubig.

Awit 1:2-3 Nguni't ang kaniyang kaluguran ay nasa kautusan ng Panginoon; at sa kaniyang kautusan ay nagbubulaybulay siya araw at gabi. (3) At siya'y magiging parang punong kahoy na itinanim sa tabi ng mga ilog ng tubig, na nagbubunga sa kaniyang kapanahunan; ang kaniyang dahon din ay hindi malalanta; at anuman ang kanyang gawin ay uunlad.

Sa ganitong kalagayan ng pag-iisip, sinasabi na ang ating mga dahon ay hindi malalanta, na nangangahulugang ang kasalanan ay hindi maghahari sa atin. Ang buhay ni Kristo, na siyang tinapay na buhat sa langit, ay lubos nating matatanggap at ang ating pagkagutom at pagkauhaw sa katuwiran ay mapupuno. Ito ba ang dahilan kung bakit masigasig na hinihikayat ng Espiritu ng Propesiya ang mga tao na magkaroon ng pagsamba tuwing umaga at gabi?

Ang mga oras na itinakda para sa handog [354] sa umaga at sa gabi ay itinuturing na banal, at ito ay naging takdang oras ng pagsamba para sa buong bansang Hudio. At nang ang mga Hudio ay nangalat sa malalayong lupain bilang mga bihag, sa itinakdang oras ay kanilang itinututok ang kanilang mga mukha sa Jerusalem at iniluluhog ang kanilang mga panalangin sa Diyos ng Israel. Sa kaugaliang ito ay may halimbawa ang mga Kristiyano para sa panalangin sa umaga at gabi. Bagaman sinisisi ng Diyos ang paulit-ulit na seremonyang walang tunay na diwa ng pagsamba, Siya ay nalulugod sa mga umiibig sa Kanya, yaong yumuyuko sa umaga at gabi upang humingi ng kapatawaran sa

kanilang mga kasalanan at iharap ang kanilang mga kahilingan para sa mga kinakailangang pagpapala. Patriarchs and Prophets 353,354.

Kung may buhay na tinapay na dumarating sa atin tuwing umaga at gabi, hindi ba't marunong na tayo'y huminto sandali at tipunin ang tinapay na ito para sa ating mga kaluluwa?

Nakikita natin kung paano pinag-uugnay ng Espiritu ng Propesiya ang pagsasakripisyo ng umaga at gabi ng Israel sa ating pagsamba tuwing umaga at gabi. Ang katotohanan na may mga espesyal na oras para sa pagsamba araw-araw ay malinaw na nagpapahiwatig na ang buhay na tinapay ay patuloy na dumarating tuwing umaga at gabi mula pa sa simula ng pagsamba sa tunay na Diyos sa lupa.

Kung tayo ay nagtitipon tuwing umaga at gabi, at pati na rin tuwing Sabbath para sa dobleng biyaya, bakit hindi tayo magpatuloy pa ng 3000 kubit papasok sa bukal ng Sabbath at tumanggap ng sapat na buhay na tubig upang hindi matuyot ang iyong kaluluwa at hindi magpayagan na lumabas ang kasalanan sa buhay. Ibinibigay sa atin ang babalang ito

Ezekiel 47:11 Ngunit ang mga latian at bahang nito ay hindi gagaling; ito ay ipagkakaloob sa alat. NKJV

Ang mga latian at bahang ay mga lugar na dati nang nakatanggap ng dumadaloy na tubig ngunit hindi na bahagi ng agos ng ilog. May mga tao na natanggap ang liwanag ng Ama at Anak ngunit tumangging umusad sa liwanag ng hatinggabi na sigaw. Ang mga ganito ay mararanasan ang latian at bahang na ibinigay sa alat kung saan hindi na maaaring tumubo ang mga bagay. Lumapit ka sa agos ng buhay at tanggapin ang buhay na tinapay sa pamamagitan ng mga itinakdang panahon ng ating Ama at ikaw ay pagpapalain.

Lahat ng mga handog at alay sa Batas ni Moises ay nagtuturo sa kaloob ng Espiritu na makukuha sa pamamagitan ng sakripisyo ni Kristo. Ang mga handog na ito ay hindi lamang nagtuturo sa hinaharap kundi nagtuturo rin sa

ilog ng buhay na dumadaloy noon sa mga panahon ng pagpapasigla mula sa ating Ama at Panginoong Hesus.

Nais mo lang ba tumanggap ng tubig na umaabot lang sa iyong bukung-bukong? Hindi mo ba gustong magkaroon ng masaganang tubig na umaabot hanggang ibabaw ng iyong ulo at nagpapahintulot sa iyo na maging isang punong nakatanim sa tabi ng ilog ng tubig? Paano ito nangyayari? Pag-isipang mabuti araw at gabi ang batas ng Diyos na magbibigay sa iyo ng mga panahon ng pagpapasigla. Sa mga panahong iyon, matatanggap mo ang karunungan at kakayahang maunawaan kung paano basahin ang Bibliya at isabuhay ito.

Marami sa panahon ngayon ang hindi nagtuturo na ang krus ni Kristo ay malapit sa kanila. Sa pagtuturo na ang sistema ng paghahandog ng mga Hudio ay tumutukoy lamang sa pagdurusa ni Kristo na magaganap pa matapos ang 1500 taon mula kay Moises, ang nagiging konklusyon ay ang krus ni Kristo ay isang pangyayari na naganap na mahigit 2000 taon na ang nakalilipas. Ang Kaniyang kasalukuyang pagtitiis at matinding pagdurusa sa pagdadala ng Kaniyang krus sa ating panahon ay minamaliit o tuluyang hindi pinapansin. Ito ay ayon sa nais ni Satanas. Pansinin ang sinabi ni A.T. Jones tungkol dito.

Ang malaking suliranin ng mga Hudio mula pa noong simula hanggang sa katapusan ay ang pagkakaroon nila ng pagkaunawa na ang Panginoon ay napakalayo, kaya't maging ang mga bagay na ibinigay ng Diyos upang ipakita ang Kaniyang lubos na pagiging malapit ay ginamit bilang mga tanda ng Kaniyang pagiging malayo. **Ang mga handog, mga alay, ang tabernakulo, ang templo, at ang mga serbisyong isinagawa roon, lahat ng ito ay ginamit ng mga tagapagturo ng mga Hudio at ng karamihan sa bayan sa paraang ang lahat ng serbisyong ito ay para lamang tumukoy kay Kristo na malayo pa, nasa kung saan mang dako.** Naiintindihan nilang ang mga bagay na ito ay tumutukoy sa Mesiyas, ngunit isang Mesiyas na malayo pa. At kailangan nilang [476] sikaping maging mabuti upang mapalapit Siya sa kanila. Kaya't ang mga bagay na ito ay tiningnan na parang may taglay na kapangyarihan sa kanilang sarili, na tila kaya nitong magbigay ng katuwiran.

Hindi ako tiyak kung ang mga Seventh-day Adventist ay lubos nang nakaalis sa kaisipan na ang mga bagay noong unang panahon ay tumutukoy lamang kay Kristo na malayo pa. Hindi ko sinasabi ngayon na iniisip ng mga Seventh-day Adventist na si Kristo ay malayo pa rin ngayon. Ngunit nangangamba ako na hindi pa rin nila lubos na iniwan ang ideyang iyon, na kapag tinitingnan nila ang santuwaryo at ang mga serbisyong kaugnay nito, ang mga handog at mga alay, iniisip pa rin nila na ang mga iyon ay itinakda upang ituro si Kristo na malayo pa, nasa kung saan mang dako. Kaya't sinasabi na ang lahat ng mga bagay na ito ay tumuturo kay Kristo. Tunay na lahat ng mga bagay na iyon ay tumuturo kay Kristo. Ngunit ang totoo, ito ay tumuturo kay Kristo na malapit, hindi malayo. Nilayon ng Diyos na ang lahat ng ito ay magturo kay Kristo na nabubuhay sa kanilang mga puso, hindi yaong si Kristo na nasa 1800 taon pa sa hinaharap, o kasimbayong layo ng langit mula sa lupa, kundi si Kristo na nasa kanilang araw-araw na karanasan. Kapag lubos nating naunawaan ang kaisipang ito at pinag-aralan natin ang tungkol sa santuwaryo, mga hain, at mga handog, sa madaling salita, ang ebanghelyo ayon sa aklat ng Levitico—makikita natin na ito ay tumutukoy kay Kristo bilang isang buhay at kasalukuyang Tagapagligtas sa kanila sa araw-araw, at makikita rin natin na Siya rin ay ganoon para sa atin ngayon.

May ebanghelyo, may karanasang Kristiyano, para sa atin ngayon sa Levitico, sa Deuteronomio, sa Genesis, sa Exodo, at sa buong Bibliya. Ngunit kapag binabasa natin ang mga talatang iyon at sinasabi nating ang mga handog at hain na iyon ay tumuturo kay Kristo na malayo pa sa hinaharap para sa mga Hudio, at iniisip natin na ang mga Hudio ay inaasahang tumanaw sa pamamagitan ng mga serbisyong ito patungo kay Kristong darating pa lamang—kapag binasa natin ang mga kasulatang iyon sa ganitong paraan, binabasa natin ang mga ito sa kaparehong paraan kung paano ito binasa ng mga Hudio noon, at tayo rin ay nasa kaparehong kalagayan nila noong panahong iyon ayon sa mga kasulatang iyon.

Hindi dapat ganoon. Hindi. Hindi natin dapat tingnan ang santuwaryo, kasama ang mga kasangkapan at kagamitang inilagay ng Diyos doon, na parang iyon ay nagpapahiwatig lamang na ang Diyos ay nananahan sa santuwaryo sa langit. Kapag ganyan ang pananaw natin, iniisip natin na

hanggang doon na lang ang lapit ng Diyos sa atin, sapagkat iniisip nating ganoon din Siya kalapit noon sa kanila. Sapagkat kung ganyan natin tiningnan ito para sa kanila, kung tayo'y nandoon sa kanilang kalagayan, paano natin ito titingnan para sa ating sarili? Ganoon din. At ito'y nagpapakita na kung tayo'y nandoon, tayo rin ay magiging katulad nila.

Ang karaniwan nating hilig, kahit tayo ngayon, ay basahin ang tungkol sa santuwaryo at mga serbisyong ginagawa roon, at tungkol sa Diyos na nananahan sa santuwaryo, at sa talatang nagsasabing, “Gawan ninyo Ako ng isang santuwaryo upang ako'y manahan sa gitna nila,” at pagkatapos ay sabihin, “Oo, ang Diyos ay nanahan sa kanila sa santuwaryo, at iyon ay tumutukoy sa santuwaryo na nasa langit, at darating ang panahon na muli Siyang mananahan kasama ng Kanyang bayan,” sapagkat sinasabi sa Bagong Lupa, “Narito, ang tabernakulo ng Diyos ay nasa mga tao, at Siya'y mananahan sa kanila, at sila'y magiging Kanyang bayan at Siya ang magiging Diyos nila.” Kaya kapag dumating na ang Bagong Lupa, muling mananahan ang Diyos sa Kanyang bayan. Ngunit nasaan ang Diyos ngayon? Iyan ang mahalagang tanong na nais nating malaman ang sagot. Ano ang silbi sa akin kung Siya ay mananahan pa lamang sa Kanyang bayan sa Bagong Lupa? Ano ang halaga ng lahat ng ito kung hindi naman Siya nananahan sa akin ngayon? Sapagkat kung hindi Siya maaaring manahan sa akin ngayon, tiyak na hindi rin Siya maaaring manahan sa akin sa Bagong Lupa o kahit saan pa, sapagkat wala Siyang pagkakataon. Ang nais kong malaman at ang kailangang malaman ng bawat kaluluwa ay ito. Siya ba ay nananahan sa akin ngayon? Kung ilalagay natin Siya sa malayong nakaraan noong panahon ng mga Hudio, at pagkatapos ay sa malayong hinaharap sa Bagong Lupa, ano ang pakinabang natin ngayon? Paano Siya mapapasaatin ngayon kung ganoon? Iyan ang bagay na dapat nating laging pag-aralan.

Ngayon, makikita ninyo na ang sistemang seremonyal ay hindi basta-basta lamang isang maliit at panandaliang bagay na bahagyang gumambala sa mga Hudio at pagkatapos ay nawala. Sapagkat ang likas ng tao ay patuloy at palaging naaapektuhan nito, kasintiyak ng pag-iral ng diyablo, kasintiyak ng pagkakaroon ng pagkapoot sa puso ng tao. Ang isipan na hindi nagpapasakop sa kautusan ng Diyos—ni hindi nga ito maaaring magpasakop habang

ito ay umiiral sa mundo, ay patuloy na magdudulot ng sumpa ng seremonyalismo sa sanlibutan. At hangga't may natitirang ganitong isipan sa aking puso, ako'y nasa panganib na sumpain ng seremonyalismo.

Pasintabi muna sa iniisip ni A.T. Jones, nais kong isingit ito, Kailangang sabihin na yaong mga nagtuturo na ang mga Hudyo ay sangkot lamang sa paulit-ulit na mga seremonya at mga ritwal para sa kaligtasang darating pa makalipas ang 1500 taon ay nagtuturo ng isang Diyos ng seremonyalismo. Sapagkat kung ang Diyos noon bago ang krus ay isa lamang Diyos ng seremonyalismo, kung gayon ang katangiang iyon ay bahagi ng Kanyang karakter, at sa pamamagitan ng pagtingin sa Kanya, tayo ay magiging gaya rin ng seremonyalismo. Mag-ingat at magkaroon ng malinaw na pag-unawa kung sino ang mga sumusuporta sa seremonyalismo kahit pa sila'y tila tumututol dito. Ngayon, ipagpatuloy natin ang sinasabi ni A.T. Jones:

